

# Leksikon NG Ninorte-Samarnon

## (Lexicon Of Ninorte-Samarnon)

**Josephine C. Patilan, EdD**  
Assistant Professor III  
University of Eastern Philippines  
josephinepatilan@gmail.com

**Rowena C. Largo, EdD**  
Associate Professor IV  
Cebu Normal University, Cebu Philipinnes  
whenzlargo@gmail.com

**Abstract—** *This study aims to analyzed the lexicon of Ninorte-Samarnon. This analyzes the following: pronunciation according to stress; types of word based on its structures and parts of speech; and its context in Filipino. Qualitative design was used as content analysis to analyze the selected words in Ninorte-Samarnon from the children's conversations in Northern Samar. The mental linguistic theory of Noam Chomsky which he called as Universal Grammar was used as the basis to analyze the data. According to the findings, malumay came first followed by mabilis, then the malumi, and lastly maragsa. As regards words based on structures, inuulit came first, second is the maylapi and the third, salitang-ugat. While in parts of speech, the first is the verb, second is the adjective, third is the noun, and the fourth is the adverb. Whereas, the study shows that all the collected words in Ninorte-Samarnon have equivalent context in Filipino.*

**Keywords—** *lexicon, Ninorte-Samarnon, analyze, children's conversations*

### ABSTRAK

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang leksikon ng Ninorte-Samarnon. Tiniyak na masuri ang sumusunod gaya: bigkas ayon sa uri ng diin; anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita; at kahulugan nito sa Filipino. Ginamit ang pamamaraang kuwalitatibo na isang pagsusuring pangnilalaman upang masuri ang mga piling salita ng wikang Ninorte-Samarnon mula sa usapang bata sa lalawigan ng Hilagang Samar. Ginamit ang teorya ni Noam Chomsky na mental linguistic na tungkol sa tinatawag niyang Universal Grammar sa pagsusuri ng mga datos. Batay sa natuklasan, nangunguna ang mga salitang malumay, pinangalawahan ng mabilis, ikatlo ang malumi, at ang huli ay ang maragsa. Sa anyo ng salita ay makikitang nangunguna ang maylapi at sinundan ng salitang-ugat lamang. Habang sa kayarian ng salita ay makikitang nangunguna ang inuulit, pumapangalawa ang maylapi, at pangatlo ang payak na salita. Sa bahagi ng pananalita naman ay nangunguna ang pandiwa, pinangalawahan ng nasa pang-uri, ikatlo naman ang pangngalan, at ang ikaapat ay ang nasa pang-abay. Samantalang nakita sa pagsusuri na lahat ng salitang nakalap sa Ninorte-Samarnon ay may katumbas na kahulugan sa wikang Filipino.

**Mga susing salita:** *leksikon, Ninorte-Samarnon, pagsusuri, usapang bata*

### I. INTRODUCTION

Ang wika ay sandata ng sinuman sa pakikipag-ugnayan sa kapwa upang maipaabot ang kaniyang layunin, nararamdaman, at anumang naiisip. Ito ay dinamiko o buhay kaya patuloy na umuunlad at nagbabago. Ang bilis ng pagbabago nito ay bunga ng mga dahilang pantao at pangkasaysayan. Kailangang ito ay patuloy na ginagamit upang mapanatiling buhay. Lahat ng tao ay may sariling wikang kinamulatan at ginagamit sa pakikipagtalastasan at pakikipag-unawaan sa kapwa. Iba-ibang lahi, lalawigan, o bayan ay may iba't ibang wika. Ang Republic Act 10523 na kilala bilang "Enhanced Basic Education Curriculum of 2013" na kung saan ang Mother Tongue - Based Education (MTB-MLE) na isa sa pinakapangunahing programa sa pagpapatupad ng K to 12 Basic Education Program. Ito ay nagsasaad na ang unang wika at dagdag na wika ay gagamitin sa silid-aralan. Nagsisimula ang edukasyon ng mga mag-aaral sa wikang higit nilang alam o kinabisado - ito ang unang wika nila.

Ang Ninorte-Samarnon ay isa sa mga wikain ng Pilipinas na sinasalita ng mga taong nakatira sa Hilagang Samar. Ang pananaliksik na ito ay nakapokus sa mga piling salitang kinuha mula sa mga usapang bata na kinalap para sa pagsusuri ng mga leksikon ng Ninorte-Samarnon dahil napuna ng mananaliksik na ang mga batang pumapasok sa isang paaralan ay nagmula sa iba't ibang bayan ng Hilagang Samar na kung saan ang kanilang wikang sinasalita ay mayroong pagkakaiba minsan sa paraan ng pagbigkas o sa pagpapakahulugan kaya minsan ay nagkakaroon ng pagkalito. Napuna rin ng mananaliksik mula sa mga anak ng kanyang mga kaibigan na nag-aaral sa kinder hanggang ikatlong baitang na may mga salitang Ninorte-Samarnon na hindi nila nauunawaan kahit pa ito rin ang unang wika nila. Nagkakaroon ng hadlang tungo sa lubusang pag-unawa sa mga aralin sa asignaturang *mother tongue*.

Sa pananaliksik na ito ay nangalap ng mga piling salita sa Ninorte-Samarnon na sinuri ayon sa impluwensiya ng salita sa bigkas ayon sa uri ng diin,

anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita, at kahulugan sa Filipino. Mahalaga ang pananaliksik na ito sa mga gurong nagtuturo ng mother tongue sa kinder hanggang ikatlong baitang sa mababang paaralan para may magamit silang sanggunian sa kanilang pagtuturo. Mahalaga rin ito sa mga mag-aaral upang may mapagkunan sila ng impormasyon kung ano ang ibang salitang katumbas mula sa ibang bayan ng Hilagang samar sa kanilang sariling salita. Mahalaga rin ito sa magulang upang makatulong sila sa paggabay sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Ganoon din ang halaga nito sa edukasyon lalo na sa mga dalubhasaan para maisama sa kurikulum ng *mother tongue* at maging bahagi ng pagsasanay ng mga magiging bagong guro na magtuturo rin ng *mother tongue*.

## II. RESEARCH OBJECTIVE

Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang leksikon ng Ninorte-Samarnon. Tiniyak na masagot ang sumusunod: bigkas; uri ng diin; anyo ng salita; kayarian; bahagi ng pananalita; kahulugan sa Filipino.

## III. RESEARCH METHODOLOGY

Sa pag-aaral na ito ay ginamit ang pamamaraang kuwalitatibo na isang pagsusuring pangnilalaman upang masuri ang bigkas ayon sa uri ng diin, anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita, kahulugan sa Filipino mula sa usapang bata sa lalawigan ng Hilagang Samar. Ayon kina Denzin & Lincoln (1994) sa pagbanggit sa pag-aaral nina Jadaone et al. (2015), layunin ng kuwalitatibong pananaliksik na arukin ang mga katugunan ng bawat kalahok na nagmumula sa kanilang mga karanasan. Ginamit ng mananaliksik ang "open-ended" na istilo ng panayam/interbyu para hindi malimitahan sa pagbibigay ng kanilang mga saloobin ang mga kalahok sa pag-aaral at masiguro na sarili nilang opinyon ang maibabahagi (Reinharz, 1992). Gamit ang dulong-kuwalitatibo, maibibigay ng mga kalahok ang mas malalim na pagpapahayag ng kanilang saloobin hinggil sa paksa ng pananaliksik. Ang "open-ended" na paraan ng pagtatanong sa oras ng panayam o interbyu ay isang mabisang paraan ng pagkuha ng impormasyon na tiyak at katanggap-tanggap sapagkat ito ay bukal sa puso't isip ng mga kalahok (Lincoln & Guba, 1985).

## RESEARCH INSTRUMENT

Ang mananaliksik ay gumamit ng *digital recorders* sa pangangalap at pagdudokumento ng mga usapang pambata ng mga batang nasa kinder hanggang baitang 3 ng mababang paaralan na pagkukunan ng piling salita na sinuri para sa pag-aaral. Ito ay ginamit sa pagkalap ng mga salitang sinuri para matukoy ang bigkas ayon sa uri ng diin, anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita, kahulugan sa Filipino at English para makabuo ng isang traylinggwala na diksyunaryo.

Ang Talahanayan 1 ay naglalaman ng mga pagsusuri ng mga salitang hinango mula sa mga usapang pambata ng mga batang nasa kinder hanggang baitang 3 ng mababang paaralan para makapagtala ng mga piling salita ng wikang Ninorte Samarnon ng lalawigan ng Hilagang Samar at masuri ang bigkas ayon sa uri ng diin, anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita, at kahulugan sa Filipino at English.

## IV. DISCUSSION

Matutunghayan sa bahaging ito ang paglalahad sa isinagawang pagsusuri sa mga piling salitang Ninorte-Samarnon ng Hilagang Samar mula sa mga usapang bata at pagpapakahulugan sa mga datos na nakatuon sa pagsusuri sa: bigkas ayon sa uri ng diin, anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita, at kahulugan sa Filipino.

## PAGSUSURI NG MGA PILING SALITANG NINORTE-SAMARNON

Ang bigkas ayon sa diin ay may iba't ibang uri gaya ng maragsa kung saan ay binibigkas nang tuloy-tuloy ang salita na ang huling pantig nito ay may impit at tinutuldikan ng pakupya (^) na itinatapat sa huling pantig ng salita; Ito ay mabilis kapag ang salita ay binibigkas nang tuloy-tuloy na maluwag sa lalamunan at nilalagyan ng tuldik na pahilis (') na itinatapat sa huling pantig ng salita; Ito naman ay malumi kapag ang salita ay binibigkas nang banayad subalit may impit sa dulo at tinutuldikan ng paiwa (˘) sa ibabaw ng huling patinig ng salita; Samantalang ang malumay ay ang uri ng bigkas kapag ang salita ay binibigkas nang banayad na may diin sa penultima at ginagamitan pa rin ng tuldik na pahilis.

Ang anyo ng salita ay masusuri sa kung ano ang salitang-ugat na ginamit at ano ang panlaping ikinabit sa salitang-ugat. Ang kayarian naman ay tumutukoy sa kayarian ng mga salitang sinuri kung ito ay payak na binubuo ng salitang-ugat lamang, maylapi kapag binubuo ng salitang-ugat at ng isa o higit pang panlapi, inuulit kapag may pag-uulit na nangyayari sa salita na maaaring ganap kung saan ang buong bahagi ng salitang-ugat ang inuulit o di-ganap o parsyal na pag-uulit kapag bahagi lamang ng salitang-ugat ang inuulit; o tambalang salita na maaaring ganap na tambalan kung pinagsama ang dalawang salita at nagkaroon ng panibagong kahulugan o tambalang di-ganap kapag nanatili ang kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal o pinag-ugnay.

Samantalang ang bahagi ng pananalita naman ay tumutukoy sa salita na maaaring pangngalan kapag tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay hayop, lugar, gawa o pangyayari; pang-uri kapag naglalarawan ng pangngalan o panghalip; pandiwa kung nagsasaad ng kilos o galaw; pang-abay kapag nagbibigay-turing sa pang-uri, pandiwa o kapwa-pang-abay o iba pang bahagi ng pananalita. Ang kahulugan naman ay tumutukoy sa kung paano

binigyan ng mga batang Nortehanon ng pagpapakahulugan ang mga salitang kanilang binigkas mula sa kanilang usapan. Binigyan ito ng mananaliksik ng pagpapakahulugan sa Filipino kung paano binigyan ng mga bata ang mga salitang kanilang nabigkas sa kanilang usapan.

Makikita sa Talahanayan 1 ang pagsusuri sa mga piling salita ng Ninorte Samarnon na mula sa mga usapang pambata ng mga batang nag-aaral ng kinder hanggang baitang 3 ng Hilagang Samar at sinuri ang bigkas ayon sa uri ng diin, anyo ng salita ayon sa kayarian at bahagi ng pananalita, at kahulugan sa Filipino at English.

### Bigkas ayon sa Uri ng Diin

Sa pagsusuri ng ayon sa bigkas, makikitang nangunguna ang mga salitang nabibilang sa uri ng bigkas na malumay na may tuldik na pahilis kapag ang salita ay binibigkas nang banayad na may diin sa penultima na may 56.66% ng kabuuang piling salita, pumapangalawa ang mga salitang nasa mabilis na bigkas o mga salitang binibigkas nang tuluy-tuloy na maluwag sa lalamunan at nilalagyan ng tuldik na pahilis (´) na itinatapat sa huling patinig ng salita na may na 33.46% ng kabuuang bilang ng mga piling salitang Ninorte Samarnon, pangatlo ay ang uri ng bigkas na nasa malumi o mga salitang binibigkas nang banayad subalit may impit sa dulo at tinutuldukan ng paiwa (˘) sa ibabaw ng huling patinig ng salita na may bilang may na 8.66% ng kabuuang salita, samantalang ang panghuli ay ang mga salitang nabibilang sa maragsa ang may pinakamaliit na bilang ng salita o mga salitang binibigkas nang tuluy-tuloy na ang huling pantig ng salita ay may impit at tinutuldukan ng pakupya (^) na itinatapat sa huling patinig ng salita na may 6.66% mula sa kabuuang bilang ng piling salitang Ninorte Samarnon ng Hilagang Samar na kinuha mula sa mga usapang pambata ng Hilagang Samar na nag-aaral ng kinder hanggang ikatlong baitang ng mababang paaralan. May mga salitang nagkakaiba sa pagbigkas pero ganoon pa rin ang kahulugan gaya ng *nagtututdo* at *nagtutukdo* (nagtuturo), *wara* at *waray* (wala), *matigha* at *matig-a* (matigas), *uyaga* at *uyagan* (laruan). May mga salitang binibigkas sa ibang bayan ng Hilagang Samar na sa ibang bayan ay hindi binibigkas kaya nagkakaroon ng kalituhan pag nagkakausap-usap sa iisang lugar ang mga tao mula sa iba't ibang bayan ng Hilagang Samar. Ang halimbawa rito ay ang *nag-iimod* (nanonood) sa Catarman, *nagkikita* (nanonood) sa Mapanas at Laoang at *nagkukulaw* (nanonood) sa Victoria at mga kalapit-bayan nito. Walang gaanong problema sa ibang lugar na binibigkas at naiintindihan ang lahat ng salitang ito. Ito ay napatunayan sa pahayag nina Paz (2010), na alam natin na may nagsasalitang iba ang punto, o may mga gumagamit ng ibang salita para sa isang kahulugan. Kaya may barayti ang wika na tinatawag na dayalek. Nagkakaintindihan ang mga nagsasalita ng mga dayalek ng isang wika pero kinikilala nila na may

pagkakaiba ang mga salitang ito. Maaaring hindi pareho ang pagbigkas nila ng isa o ilang tunog, o iba ang ginagamit na salita para sa isang bagay o may ilang pagkakaiba sa pagbuo ng ilang pangungusap, pero nagkakaintindihan pa rin sila. Nagsasalita lang sila ng magkaibang varayti ng dayalek ng isang wika. Pinatunayan ito sa ipinahayag nina Santos at Hufana (2008), na ang baryasyon ng wika ay nasa tunog, mga salita o bokabularyo, istruktura ng gramatika o sa mga eksternal na paktor tulad ng heograpikal o grupong sosyal. Ang isang wika ay nasa baryasyong heograpikal kung pumapasok ang pagkakaiba sa tono, sa bokabularyo at sa morpolohiya ng wika o gramatika nito. Ang pagkakaiba ng wika ay dulot ng elementong pangwika na tinatawag na rehiyunal na baryasyon o dayalek. Samantalang ang baryasyong ito ay makikita sa tinatawag na barayti ng isang wika. Makikita itong dahilan kung bakit ang nasa rehiyong Balicuatro ay iba ang paraan ng pagbigkas ng mga salita dahil naimpluwensiyang ito ng paraan ng pagsasalita ng kalapit na lugar gaya ng Bikol (pagtawid ng mga taga-Hilagang Samar mula Allen ay Matnog na- bahagi na ng ka-Bikulan) na kung saan ang mga tao ay paroo't parito dahil sa kalakalan at kanilang hanapbuhay. Ganoon din sa rehiyong Pasipiko na kinabibilangan ng bayan ng Mapanas, ang paraan ng kanilang pagsasalita ay naimpluwensiyahan ng mga bayan na malapit dito gaya ng bayan ng Arteché ng Silangang Samar sa kaparehong kadahilanan. Ang Mapanas ay ang huling ikalawang bayan na nasa dulo nang Hilagang Samar. Mas malapit na ito sa Silangang Samar. Sa katunayan, ang mga tagarito ay sa Silangang Samar na dumadaan kung sila ay nagpupunta ng Tacloban sa halip na sa Catarman (sentro ng Hilagang Samar) pa sila sumakay.

### Anyo ng Salita

Sa anyo ng salita, ito ay maaaring salitang-ugat lamang o may panlaping ginamit para makabuo ng panibagong salita mula sa isang anyo ng salita. Ang salitang-ugat ay ang pinakabatayang salita na may sariling kahulugan. Mula sa salitang-ugat nababago ang kahulugan ng isang salita kung ito ay may panlaping ikinabit ayon sa iba't ibang paraan ng paglalapi. Ayon naman kina Alcaraz et al. (2005), ang morpoloji ay pag-aaral ng mga salita at ang relasyon nito sa iba pang mga wika. Para sa sinumang nag-aaral ng wika, mahalagang malaman kung paano nabubuo o nabuo ang isang salita o kataga. Binigyang-diin din nila na hindi sapat na makita lamang ang katuturan ng salita o mga salita sa listahan ng bokabularyo, dapat na makita rin sa mas malawak na perspektibo ang kakanyahan ng salitang

### TALAHANAYAN 1

**PAGSUSURI NG MGA PILING SALITANG NINORTE-SAMARNON MULA SA MGA USAPANG BATA NA NAG-AARAL NG KINDER HANGGANG BAITANG-3 NG HILAGANG SAMAR**

Ninorte-Samarnon	Bigkas	Uri ng Diin	Anyo ng Salita		Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan sa Filipino
			Salitang-Ugat	Panlapi			
agal	/agál/	mabilis	Agal	Wala	Payak	pangngalan	tapik
agal-agalay	/agál agálay/	malumay	Agal	-ay	Inuulit	pangngalan	tapik-tapikan
agonal	/agalón/	mabilis	Agal	-on	maylapi	pandiwa	tapikin
amigo	/amígo/	malumay	amigo	Wala	Payak	pangngalan	kaibigan
api	/ápi/	malumay	api	Wala	Payak	pangngalan	kasali
asuwang	/asúwang/	malumay	asuwang	Wala	Payak	pangngalan	aswang
awudon	/awudón /	mabilis	awod	-on	maylapi	pang-uri	mahiyain
balay	/baláy/	mabilis	balay	Wala	Payak	pangngalan	bahay
banog-banog	/banóg bánog/	mabilis, malumay	banog	Wala	Inuulit	pangngalan	saranggola
banusan	/banúsan/	malumay	banos	-an	maylapi	pangngalan	pambunot ng sahi
baras	/barás/	mabilis	baras	Wala	Payak	pangngalan	buhangin
barko	/bárko/	malumay	barko	Wala	Payak	pangngalan	barko
bata	/batà/	malumi	Bata	Wala	Payak	pangngalan	bata
batuhon	/batuhón/	mabilis	Bato	-on	maylapi	pang-uri	maraming bato
dako	/dakô/	maragsa	dako	Wala	Payak	pang-uri	malaki
daku-dako	/dakú dakô/	mabilis, maragsa	dako	Wala	Inuulit	pang-uri	medyo malaki
dakuon	/dakúon/	malumay	dako	-on	maylapi	pang-uri	malaking-malaki
dakup-dakupay	/dakóp dakúpay/	mabilis, malumay	dakop	-ay	Inuulit	pangngalan	habul-habulan
dalaganay	/dalagánay/	malumay	dalagan	-ay	maylapi	pangngalan	takbuhan
damo	/damô/	maragsa	damo	Wala	Payak	pang-uri	marami
daramo	/daramò/	malumi	damo	-ra-	maylapi	pang-uri	marami
gamay	/gamáy/	mabilis	gamay	Wala	Payak	pang-uri	Maliit
gawas	/gúwas/	malumay	gawas	Wala	Payak	pangngalan	Labas
ginbubuka	/ginbubúka/	malumay	Buka	gin-	Inuulit	pandiwa	binibiyak
ginbuligan	/ginbulígan/	malumay	Bulig	gin-, -an	Inuulit	pandiwa	tinutulungan
ginhatag	/ginhátag/	malumay	Hatag	gin-	maylapi	pandiwa	lbinigay
ginkukuwaan	/ginkukuwáan/	malumay	Kuwa	gin-, -an	Inuulit	pandiwa	pinagkukunan
ginpapasurat	/ginpapasúrat/	malumay	Surat	ginpa-	Inuulit	pandiwa	pinasusulat
hahanapon	/hahanápon/	malumay	hanap	-on	Inuulit	pandiwa	hahanapin
halipot	/halípot/	malumay	halipot	Wala	Payak	pang-uri	maikli
harani	/haráni/	malumay	harani	Wala	Payak	pang-uri	malapit
himabaw	/himabáw/	mabilis	himabaw	Wala	Payak	pang-uri	mababaw
huhulson	/huhúlson/	malumay	hulos	-on	Inuulit	pandiwa	babasain
ibubutang	/ibubutáng/	mabilis	butang	i-	Inuulit	pandiwa	ilalagay
ido	/idô/	maragsa	ido	Wala	Payak	pangngalan	Aso
innunos	/innunúsnos/	malumay	nunos	in-	Inuulit	pandiwa	ikinukuskos
insasapak	/insasapák/	mabilis	sapak	in-	Inuulit	pandiwa	sinasampal
kamot	/kamót/	mabilis	kamot	Wala	Payak	pangngalan	kamay
karigsok	/karígsok/	malumay	rigsok	ka-	maylapi	pang-uri	marumi
katamayan	/katamáyan/	malumay	tamay	ka-, -an	maylapi	pang-uri	mapanlait
kauyag	/kaúyag/	malumay	uyag	ka-	maylapi	pangngalan	kalaro
klase	/kláse/	malumay	klase	Wala	Payak	pangngalan	klase
kumulob	/kumulób/	mabilis	kulob	-um-	maylapi	pandiwa	tumaob
lagas	/lagás/	mabilis	lagas	Wala	Payak	pang-uri	matanda
lalanaton	/lalanáton/	malumay	lanat	-on	Inuulit	pandiwa	hahabulin
lilimpahan	/lilimpýahan/	malumay	limpya	-an	Inuulit	pandiwa	lilinisin
lutu-lutuay	/lutú lutúay/	maragsa,	luto	-ay	Inuulit	pangngalan	lutu-lutuan

		malumay					
maaram	/maáram/	malumay	aram	ma-	maylapi	pang-uri	marunong
maasgad	/maásgad/	malumay	asgad	ma-	maylapi	pang-uri	maalat
mabaysay	/mabáysay/	malumay	baysay	ma-	maylapi	pang-uri	maganda
madulom	/madulóm/	mabilis	dulom	ma-	maylapi	pang-uri	madilim
magasa	/magasá/	mabilis	gasa	ma-	maylapi	pang-uri	payat
magburugto	/magburugtò/	malumi	bugto	mag-, -ru-	maylapi	pangngalan	magkakapatid
maghihitso	/maghihitso/	malumay	hitso	mag-	Inuulit	pandiwa	maglilinis
maglilingkod	/maglilingkod/	malumay	lingkod	mag-	Inuulit	pandiwa	uupo
mag-ukot	/mag-ukót/	mabilis	ukot	mag-	maylapi	pandiwa	magtiyaga
magurang	/maguráng/	mabilis	gurang	ma-	maylapi	pandiwa	panganay
maupay	/maúpay/	malumay	upay	ma-	maylapi	pang-abay	mabuti
naalo	/naaálo/	malumay	alo	na-	Inuulit	pandiwa	nahihya
nabalyo	/nabályo/	malumay	balyo	na-	maylapi	pandiwa	bumibili
nagawas	/nagáwas/	malumay	gawas	na-	maylapi	pandiwa	lumalabas
nag-aalog	/nag aalog/	malumay	alog	nag-	Inuulit	pandiwa	umiigib
nagtrabaho	/nagtrabáho/	malumay	trabaho	nag-	Inuulit	pandiwa	nagtrabaho
nagtutukdo	/nagtutukdô/	maragsa	tukdo	nag-	Inuulit	pandiwa	nagtuturo
nagtututdo	/nagtututdô/	maragsa	tutdo	nag-	Inuulit	pandiwa	nagtuturo
naruruyag	/narurúyag/	malumay	ruyag	na-	Inuulit	pandiwa	nagkakagusto
parag-isda	/parag isdâ/	malumi	isda	parag -	maylapi	pangngalan	mangingisda
piliw-piliw	/pilíw pilíw/	mabilis, mabilis	piliw	Wala	Inuulit	pang-uri	tabi-tabi
pusil	/pusil/	mabilis	pusil	Wala	Payak	pangngalan	baril
saday	/sadáy/	mabilis	saday	Wala	Payak	pang-uri	maliit
sakayan	/sakáyán/	mabilis	sakay	-an	maylapi	pangngalan	bangka
salog	/sálog/	malumay	salog	wala	Payak	pangngalan	llog
sugbong	/súgbong/	malumay	sugbong	wala	Payak	pangngalan	balikat
susuhayon	/susuháyon/	malumay	suhay	-on	Inuulit	pandiwa	sasawayin
tagu-taguay	/tagú taguáy/	malumi, malumay	tago	-ay	Inuulit	pangngalan	tagu-taguan
tamisa	/tamisà/	malumi	tamisa	wala	Payak	pangngalan	sisiw ng ibon
tiabot	/tiábot/	malumay	abot	ti-	maylapi	pandiwa	darating
tindahan	/tindáhan/	malumay	tinda	-an	maylapi	pangngalan	tindahan
tulay	/tuláy/	mabilis	tulay	wala	Payak	pangngalan	tulay
uban	/úban/	malumay	uban	wala	Payak	pangngalan	uban/puting buhok
urubuson	/urubusón/	mabilis	ubos	-ru-, -on	maylapi	pandiwa	uubusin
uyaga	/uyagà/	malumi	uyag	-a	maylapi	pangngalan	laruan
uyagan	/uyagán/	mabilis	uyag	-an	maylapi	pangngalan	palaruan
wara	/wará/	mabilis	wara	wala	Payak	pang-abay	wala
waray	/waráy/	mabilis	waray	wala	Payak	pang-abay	wala

pinag-aaralan. Ang pagsusuri ay makikitang nangunguna sa anyo ng salitang ginamit sa usapang bata ay nabibilang sa maylapi na may 77.33 % sa kabuuang bilang at sinundan ng salitang-ugat lamang na may 22.67% na kabuuang bilang ng mga salita.

### Kayarian ng Salita

Ang kayarian ay tumutukoy sa kayarian ng mga salitang sinuri kung ito ay salitang-ugat lamang, maylapi, inuulit o tambalang salita. Ayon kina Dayag, et. al. (2004), ito ay payak kung ito ay binubuo ng salitang-ugat lamang, walang anumang panlaping ginamit at hindi ito inuulit at walang katambal na salita. Ito naman

ay maylapi kung ito ay binubuo ng salitang-ugat at may panlaping ikinabit sa bahagi ng salitang-

ugat. Tambalang salita ito kung ito ay may katambal na salita na maaaring maging ganap na pagtatambal o di ganap. Maaari rin itong maging inuulit na salita kung may bahagi ng salitang-ugat ang inuulit para sa parsiyal na pag-uulit at ganap na pag-uulit kung buong salitang-ugat ang inuulit. Makikita na ang nangunguna sa mga gamitin na kayarian ng salita ay ang inuulit. Halos karamihan sa mga salitang kasali sa pag-aaral ay nasa inuulit na binubuo ng 44% salita. Ang pumapangalawa sa may pinakamaraming kayarian ng salita na nasuri ay ang maylapi na may 33.33% na salita. Pinakakaunti ang nasuring payak na salita na may 22.66% na salita lamang at wala namang nakitang salitang nabibilang sa pinagtambal na salita o tambalang kayarian ng salita.

## Bahagi ng Pananalita

Ang bahagi ng pananalita ayon kay Garcia (2000) ay maaaring maging pangngalan kung ito ay tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, lugar o pangyayari; maaaring panghalip kung ito ay inihalili sa pangngalan; pandiwa kung ito ay

ito ay nagsasaad ng kilos o galaw; pang-uri kung ito ay naglalarawan at iba pang bahagi ng pananalita. Matutunghayan ang nangungunang salita ay nabibilang sa pandiwa o ang mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw. Ito ay may 51.33% mula sa kabuuang bilang salita. Ito ay pinangalawahan ng mga salitang nasa pang-uri o mga salitang naglalarawan ng pangngalan o panghalip na may 23.33% mula sa kabuuang salita. Ikatlo ang mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, kalagayan, gawa o pangyayari o ang tinatawag na pangngalan ay may 22%. Pinakakakaunti ang nasa pang-abay o ang mga salitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay na may 3.33%. Makikitang sa pagkukuwento ng mga bata ay pinakamaraming pandiwa ang mga salitang kanilang nagagamit kaysa sa ibang bahagi ng pananalita.

## Kahulugan

Ang kahulugan ay tumutukoy sa kung paano binigyan ng mga batang taga-Hilagang Samar ng pagpapakahulugan ang mga salitang kanilang binigkas mula sa kanilang mga di-handang kuwentong pambata. napatunayang may mga salitang nagkakaiba ang bigkas pero parehas lang ang kahulugan gaya ng; damo at daramo na parehong marami ang kahulugan, nagtutukdo at nagtutukdo na ang ibig sabihin ay nagtuturo, uyaga at uyagan na ang ibig sabihin ay laruan sa ibang lugar ng Hilagang Samar subalit sa ibang lugar ang uyagan ay nagkaroon ng kahulugang palaruan, at ang wara at waray na ang kahulugan ay wala. May mga iba't ibang salita ang ginamit pero iisa lang ang kahulugan gaya ng; aluhon (sa salitang naaalo kapag binago ang panlaping ginamit) at awudon na ang ibig sabihin ay mahiyain; ang ditoy, guti, at gamay na ang ibig sabihin ay maliit; ang magasa at mahugos na parehong payat ang ibig sabihin; ang gwapa, mabaysay, at maupay na ang ibig sabihin ay maganda (ang gwapa at mabaysay ay pwedeng babaing maganda samantalang ang mabaysay at maupay ay sa bagay na maganda pwedeng gamitin), ang mahikulwan, nakikit-an, at naiimod ay nagkaiba-iba lang sa mga panlaping ginamit at may salitang-ugat na ang ibig sabihin sa Filipino ay nood ( kaya kung pare-parehong panlapi ang

gagamitin gaya ng *na-* at *-an* ay magiging nahikulwan, nakit-an, at naimdan ay may iisang kahulugan, ang napanood). Ang mabilis na /bukulán/ sa ibang bayan na ang ibig sabihin ay may bukol o ginamit sa paglalarawan kapag naging malumay (/bukulan/) ay nagiging pandiwa sa ibang bayan na nangangahulugang papaluin o iuuntog para magkaroon ng bukol. Kung gayon, mapatutunayan na ang mga salitang ginagamit sa mga bayan-bayan sa Hilagang Samar ayon sa kahulugan ay kakikitaan ng impluwensiya na maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan. Nakita sa pagsusuri na lahat ng salitang nakalap sa Ninorte-Samarnon ay may katumbas na kahulugan sa wikang Filipino.

## V.CONCLUSION AND RECOMENDATIONS

Sa pagsusuri ng bigkas na nasa uri ng diin, ay nangunguna ang mga salitang malumay na may tuldik na pahilis kapag ang salita ay binibigkas nang banayad na may diin sa penultima, na pinangalawahan ng mabilis na may tuldik na pahilis, ikatlo ang malumi na may tuldik na paiwa at ang huli ay ang maragsa na may tuldik na pakupya. Habang sa anyo ng salita ay makikitang nangunguna sa anyo ng salitang ginamit sa usapang bata ay nabibilang sa maylapi at sinundan ng salitang-ugat lamang. Habang sa kayarian ng salita ay makikitang nangunguna sa mga gamitin na kayarian ng salita ay ang inuulit. Pumapangalawa na may pinakamaraming kayarian ng salita na nasuri ay ang maylapi, pangatlo ang payak na salita. Makikita naman sa kinalabasan sa pagsusuri ng bahagi ng pananalita na ang nangungunang salita ay nabibilang sa pandiwa o ang mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw, pinangalawahan ng mga salitang nasa pang-uri o mga salitang naglalarawan ng pangngalan o panghalip, ikatlo naman ang mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, kalagayan, gawa o pangyayari o ang tinatawag na pangngalan, at ang ikaapat ay nasa pang-abay o ang mga salitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay. Makikita sa pagkukuwento ng mga bata ay pinakamaraming pandiwa ang mga salitang kanilang nagagamit kaysa sa ibang bahagi ng pananalita. Samantalang nakita sa pagsusuri na lahat ng salitang nakalap sa Ninorte-Samarnon ay may katumbas na kahulugan sa wikang Filipino.

Pagkatapos ng pagsusuri ng mga salita ay napatunayang ang mga salitang ginagamit sa maraming bayan sa Hilagang Samar ay iisang wikain ang binibigkas. Ibig sabihin ay halos pare-parehas ang karamihan sa mga salitang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan maliban sa ilang mga salitang nagkakaroon ng ibang pagpapakahulugan dahil sa pagkakaroon ng pagkakaiba sa bigkas nito na epekto ng mga kalapit-lugar nito. Inirerekomenda ang sumusunod na gawain: hikayatin na magsagawa ng mga pagsusuri sa Ninorte-Samaron ng akdang pampanitikan sa pamamagitan ng bigkas ayon sa uri ng diin, magkaroon ng karagdagang pananaliksik tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa mga salitang ginagamit sa mga rehiyon ng Pilipinas, magsagawa ng mga panibagong pag-aaral tungkol sa kayarian ng mga salita sa mga wikain ng rehiyon sa Pilipinas, magkaroon ng karagdagang pagbuo ng mga diksyunaryo ng mga salita ayon sa iba't ibang bahagi ng pananalita at pagsasabuhay at pagbibigay-halaga sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga lektyur o seminar-pangwika tungkol sa mga unang wika na magsisilbing tulong sa pagpapatupad ng MTB-MLE.

## REFERENCES

- [1] Alaman, R. R. (2018). *Linggwistikong Pag-aaral sa Wikang Ninorte Samaron sa Lalawigan ng Hilagang Samar*.
- [2] Alcaraz, C. V. et al. (2005). *Filipino 1: Komunikasyon sa akademikong filipino*. Quezon City: Adriana Printing Inc.
- [3] Arrogante, J. A. et al. (2007). *Sining ng komunikasyon sa kademikong filipino*. Manila: Navotas Press.
- [4] Balite, J. S. (2013). "Linggwistikong Hambingang Pagsusuri ng mga Kayarian ng Pang-uri sa Ninorte Samaron at Filipino".
- [5] Banagbanag, R. A. (2004). *Lexical Differences among Three Generations of Inabaknon Speakers*.
- [6] Bernales, R. et al. (2016). *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino*. Mutya Publishing House.
- [7] Borong, Norlyn L. (2017). *Socio-Geographical Linguistic Theory sa Filipino Language Teaching: Gabay sa MTB-MLE*.
- [8] Bulan, R. M. (2016). *Palarawang pagsusuri sa Morpolohiya ng Pandiwang Ninorte Samaron: Gabay sa Pagtuturo ng Mother Tongue*.
- [9] Cebrero, J. C. (2014). Dayalektal na diversidad ng wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences* Vol. 1, No. 4.
- [10] Cerbito, E. L. (2017). *Morphemic Variations of Northern Samar Waray Visayan Household Lexicon*.
- [11] Leech, Geoffrey. (2018. ) Types of Meaning. <https://slideshare.net/miffadiaLaulaAm/m/seven-types-of-meaning>.
- [12] Li, Rui at YU-Wei Bu (2006). On how children acquire their mother tongue- explanation of Chomsky's mental Linguistic Theory. *Sino-US English Teaching* 3 (3), 55-58. Kuha mula sa: [https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as\\_sdt=0%2C5&q=chomsky+mother+to+ngue&oq=#d=gs\\_qabs&u=%23p%DnodCCLAYv3YJ](https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&q=chomsky+mother+to+ngue&oq=#d=gs_qabs&u=%23p%DnodCCLAYv3YJ)
- [13] Liwanag, L. (2006). Ang papel ng wika sa pagkakaiba-iba ng mga wika sa bansa. Kuha mula sa <https://wika.pbworks.com/f/Ang+Papel+ng+Wikang+sa+Gitna+ng+Pagkakaiba-iba+ng+mga+Wika+sa+Bansa.pdf>.
- [14] Peregrino, J., et al. (2012). *Salindaw (Varayti at Baryasyon ng Filipino)*. UP, Lungsod ng Quezon.
- [15] Semorian, T. et al. (2009). *Retorika*. C and E Publishing, Inc., Quezon City.
- [16] Spencer, A. (1991). *Morphological theory: An introduction to word structure in generative grammar*. USA: Blackwell Publishers Ltd.
- [17] The Revised Education Program, Manila: DECS 1972.
- [18] Thurlow, C. et al. (2004). *Computer Mediated Communications: Social Interaction and the Internet*. London: SAGE Publication. Ltd.